

PROLOGUE

“You need to go home,” ani Julia sa kanya.

Nanatiling nakaupo si Sanya sa silyang katabi ng telepono habang hawak pa rin ang receiver sa kanyang mga kamay. She didn't know how to react. She didn't know what to do, or what to think.

So, her little sister finally got what she wanted. Napailing siya at hindi niya namalayan ang pagbagsak ng luha mula sa kanyang magagandang mata.

Shit! mura ng isip niya. Of course, hindi siya uuwi. *For what?*

Ngunit hindi siya pupuwedeng tumanggi, hindi ba? Ang tumawag sa kanya ay mismong papa niya. And he was adamant that she should go home for her sister's engagement to her ex-boyfriend. Not that going home for the occasion was the worst part, but because she was asked to be the maid of honor.

My sister is really a bitch, tiim-bagang na naisip niya.

“Hindi ko kailangang umuwi, Julia. I can't take it. My father would just have to accept that I cannot

go home,” pahayag niya sa kaibigan, ngunit parang mas sinasabi niya iyon sa kanyang sarili kaysa rito. Kilalang-kilala siya ni Julia at alam niyang naiintindihan siya nito.

“You know what, Annie, you are such a coward. For the last six years, wala kang ginawa kundi ang ihanda ang sarili mo para dito.” Nakapamaywang ito sa kanya habang ang isang kamay ay may hawak na baso ng gin with ice cubes. “You know that somehow, you have to go home. And *now* is the time. Stop hiding. You can’t continue pretending everything is okay, because everything is freakin’ bullshit here,” dagdag na sermon nito saka nilagok ang gin mula sa basong hawak.

May punto si Julia. Anim na taon na ang nakakaraan magmula nang nagtungo siya sa States. Nang makapasa siya sa licensure exams, kaagad siyang nagpunta sa Amerika upang magtrabaho bilang nurse. Sa kabutihang-palad, dahil US-based ang mga magulang ni Julia maging ang ibang miyembro ng pamilya nito, madali silang nakahanap ng mapapasukan. For six long years, she tried to forget the pain caused by no less than her sister.

She was coping well and she dated some very nice guys there, but they didn’t seem to have that lasting

effect on her. Lagi na ay may point of comparison, at naiinis siya sapagkat kahit na sinaktan pa siya ng dating nobyo ay hindi niya magawang mamuhi rito o kaya ay kalimutan ito.

“I can go with you, Annie. You know I’m always here,” Julia said thoughtfully. Lumapit ito sa kanya at niyakap siya. “I’ll arrange everything, Baby, don’t worry,” dagdag pa nito nang walang sagot na nagmula sa kanya.

Hinayaan niya itong yakapin siya. Bumuntong-hininga siya at tumingin sa mabait na mukha ng babae. Nginitian niya ito sa kabila ng luhang namumuo sa kanyang mga mata.

Masuyong tinapik nito ang kanyang pisngi at tumungo sa kusina upang maghanda ng makakain.

The idea of going home was like sprinkling salt bits on a fresh wound. *Sam*, the sole name she could ever think of everytime she wanted to go home. Mapaglaro talaga ang tadhana. Ang dahilan kung bakit umalis siya ng Pilipinas ay siya ring magiging rason upang bumalik siya. Sinira nito ang buhay niya at wala man lamang itong ginawa upang pigilan iyon. He was sorry, she knew as he had said. But so was she.

What could possibly happen if she would go

A Twisted Fairy Tale - Luna Amparo

home? Kung mayroon mang dapat matakot, iyon ang kapatid niya at ang good-for-nothing fiancé nito.

Hindi na siguro masama kung babalik siya sa Pilipinas.

1

Six years ago...

“Sanya!” sigaw ni Julia sa kanya mula sa bleachers.

May dala siyang dalawang plastic cups na naglalaman ng orange juice. Time-out pa kasi ng basketball practice, kaya bumili muna siya ng maiinom. Nauuhaw na sila ni Julia, kaya siya na ang nagprisintang bumili ng juice. Pinapanood kasi nila sa gymnasium ang pinapanood ng lahat, si Samuel Pantaleon.

He was the team captain of the varsity basketball team and the hottest basketball player. Graduating na ito sa kursong Civil Engineering. His appeal was unquestionable and his good looks undeniable, but what made him interesting was his aura of constant excitement. He was, well, thrilling. Even Sanya had to admit that she found him attractive, there was no argument in that.

Hindi niya namalayang nagbabangayan ang mga players ng team, kaya hindi niya napansin na nakaharang siya sa mga nag-aaway. Narinig niya ang

pagtawag ni Julia sa kanyang pangalan at napatingin siya rito. Shock ang nakarehistro roon at biglang nagdilim ang paligid nang may matigas na bagay na pumalo sa ulo niya.

Natagpuan niya ang sarili sa school clinic nang magising siya matapos ang isang oras. Naroon si Julia at nakangiti sa kanya. Her smile was candy-sweet. Nalilitong nagsalubong ang kanyang mga kilay. Wala siyang ideya kung bakit ganoon kalapad ang ngiti ng kaibigan na kung tutuusin ay dapat na nag-aalala sa kalagayan niya ngayon.

“My God, Sanya! Hulaan mo kung sino’ng bumuhat sa ’yo para dalhin ka rito mula sa gym!” demanding na turan nito.

“Who?”

“Si Samuel! Si Sam! You look so good together, Annie! Uber good!” exaggerated na sagot ng kaibigan niya with matching rolling of the eyes.

“Julia, how can I look good when I’m unconscious? Sira ka ba? Please, stop the Cupid thing,” sita niya. Julia was really hyper all the time. Her imaginations were greater than a maniac’s.

“Ano ka ba, Annie! I’m not playing Cupid, okay? Maybe I’m half crazed but not enough to make a false

prophecy.” Itinirik pa nito ang mga mata at nagpatuloy, “Of course, I know you’re unconscious and all that, but hey, your Prince Charming immediately came to the rescue. Plus, you are sooo wet, Annie, but he’s really a gentleman and put a hankie on your breasts to spare you from public admiration and sexual angst.” Saka pilyang humagikgik ito.

“Julia, stop!” pigil niya. “So fine, Mr. Perfect carried me here. I have to thank him and be kilig for a while but that’s it. Over ka na, Julia, that was nothing. He’s just trying to be nice,” she logically added.

“Anong over? Excuse me! I am not over, Sanya, I am a seer! I swear, you are so meant to be!” Ayaw pa rin nitong tumigil.

“Okay, if that’s what you say. Can we go now?” tanong niya nang mapansing walang balak si Julia na sabihin ang diagnosis sa kanya ng doctor at kung kailan siya pupuwedeng umalis ng sickbed.

“Yep. Let’s go. Tinawagan ko nga pala ang driver mo at sinabi ko sa kanya na ako na lang ang maghahatid sa ’yo sa house n’yo. Okay lang naman daw sa kanya kasi maaga raw magpapasundo si Kia.” Tinulungan siya nitong makabangon at inalalayan siya sa paglalakad.

Habang nasa daan ay patuloy pa rin ang kaibigan sa matchmaking spree nito. Napailing lang siya. Natutuwa siya at kinikilig din sa ideya na si Sam nga ang bumuhat sa kanya kanina upang dalhin sa clinic, but she couldn't be like Julia and fantasize the ending. Ni wala pa ngang prologue ang love story nila. Besides, sa kanilang dalawa ay siya ang sensible, Julia was the sense.

Mayroon siyang nakababatang kapatid na babae, ngunit mas malapit siya kay Julia kaysa rito. Anak ito ng dating kasambahay nila. Nang mamatay ang mga magulang ni Kia sa isang aksidente noong bumisita ang mga ito sa probinsya ay sila na ang kumupkop rito. Her parents adopted the little girl and had given her their name. Sa malas, hindi niya ito kasundo.

Six years old na si Kia noong mamatay ang mga magulang nito, kaya alam nitong adopted lang ito. But that fact didn't stop her na sagut-sagutin ang mga magulang nila kapag nakakagalitan ito. Minsan pa nga'y ninanakaw nito ang mga gamit niya, hindi na lamang niya pinapansin dahil ayaw niyang mag-away sila, hindi na rin niya ito isinusumbong sa mag-asawa para iwas-gulo. Sanya was three years Kia's senior, but the latter never called her ate. She didn't mind.

Para sa kanya ay si Julia ang kapatid niya.

She was her best friend and her best enemy. Hindi nga niya maintindihan kung bakit sila nag-click as friends, but they did. Simula nang unang araw nila sa eskuwelahan bilang freshmen ay naging magkaibigan na sila. At ngayon nga'y graduating na sila, nanatili silang matalik na magkaibigan. Maging ang pagtatrabaho sa abroad ay pareho silang sang-ayon.

Nang makarating siya sa bahay ay naroon na si Kia. Nakaupo ito sa sala at ang mga paa nito ay nakapatong sa center table.

“Kia, how many times do I have to tell you na hindi mo puwedeng ipatong ang paa mo sa table? Makakagalitan na naman tayo ni Mommy kapag nakita niyang marumi 'yan,” mahinahon niyang pangaral sa kapatid.

“Puwede bang huwag mo akong pakialaman, Sanya? Kahit one hour lang,” mataray na sagot nito.

Nagbabasa ito ng fashion magazine, *her* magazine. Siguro ay nangialam na naman ito sa mga gamit niya. Naiinis man siya sa kabastusan ni Kia ay hindi na lang siya kumibo at minabuting pumasok sa kanyang silid. Hinubad muna niya ang school uniform at nagbihis ng damit-pambahay bago iniligpit ang mga gamit niya sa eskuwela. Nagsusuklay siya

ng buhok habang nagbabasa ng notes sa kanyang kuwaderno nang walang anu-ano ay pumasok si Kia.

“Pinlano mo ba ’yon?” nakapamaywang na sita nito sa kanya.

“What do you mean?” maang na tanong niya. Hindi niya maunawaan ang ibig nitong ipahiwatig.

“The thing inside the gym.”

Napabuntong-hininga siya at saka sumagot. “It’s not a thing, Kia, it’s an accident.”

“Gusto ko si Samuel. You should know that,” anito nang may hint ng pagbabanta. Tumalikod na ito at ibinagsak ang pinto ng kanyang silid.

So? sabi ng isip niya at ipinagpatuloy ang ginagawang pagbabasa at pagsusuklay.

Nang gabing iyon ay hindi bumaba si Kia upang maghapunan.

“May problema ba ang kapatid mo, Sanya?” tanong ng kanyang ama, si Isidro Cuevo.

“May tantrum siya, Dad,” sagot niya at ikinuwento ang nangyari sa gym kaninang hapon. Tumangu-tango lang ito.

“Ayos ka lang ba, Anak?” nais malaman ng

kanyang ina, si Alice. “Wala bang masakit sa ’yo?”

“Okay lang po ako, Mommy. Natingnan na ako ng school doctor namin.”

“Eh, bakit naman magagalit sa iyo si Kia?”

“She told me she likes him. Baka feeling ni Kia ay nilalandi ko ang crush niya. Mom, I’m telling you, you must talk to her,” mahinahon niyang sabi sa ginang.

Hindi naman sila bulag sa kaalamang may attitude problem si Kia. Hindi rin nila ito kayang palayasin dala na rin na napakabait ng kanyang mga magulang and the girl was now a part of the family. Minsan ay okay ito, pero madalas ay may tantrums ito na hindi maintindihan.

Hindi nagkulang ang mag-asawa sa pagdidisiplina kay Kia. Only that, hindi nila makuhang saktan ito. Hindi kailanman nanakit physically ang kanyang mga magulang. Ni minsan ay hindi siya napalo ng mga ito, napagtataasan lang ng boses o minsan ay napapangaralan, but all in all, her parents were very kind people.

She loved her parents dearly, kaya nga minsan ay pinagtatakpan niya si Kia upang hindi masaktan ang mga ito. Pakiramdam kasi ng mag-asawa ay nagkulang ang mga ito ng pagpapalaki kay Kia. Kung

alam lang ng dalawa kung gaano sila kabubuting tao and her adopted sister didn't deserve them, malamang ay noon pa wala sa bahay na iyon si Kia.

“Intindihin mo na lang ang kapatid mo, Sanya. You know she has insecurities kaya siguro ganyan siya. Tayo na lang ang umintindi hanggang kaya pa natin. She is a sweet girl sometimes, so let us just understand,” kalmadong paalala ng ama sa kanya.

Ngumiti na lamang siya rito bilang pagsang-ayon kahit pa gustong-gusto niyang sabihin ang ‘*whatever, Dad*’. Minabuti na lamang niyang huwag umimik dahil ayaw niyang maging bastos sa ama.

Ipinikit ni Sanya ang mga mata upang makatulog. Napagod siya sa kababasa ng notes niya at nananakit pa ang sentido niyang natamaan ng bola kanina. Halos nakatulog na siya nang bigla siyang maalimpungatan nang mag-ring ang kanyang cellphone. Nakita niyang unregistered number ang nagpa-flash sa screen. Madalas ay hindi niya sinasagot ang mga tawag na wala sa listahan ng kanyang phonebook, pero dahil inaantok siya at gusto nang matapos iyon para makatulog na ay pinindot niya ang answer button.

“Who is this?” tanong kaagad niya sa tumatawag.

“Hey, sorry to call you this late but I’m just wondering if I can invite you for lunch tomorrow?” sabi ng isang boses-lalaki sa kabilang linya. Kahit sa inaantok niyang diwa ay napansin niyang malamig sa pandinig ang baritonong tinig nito.

“That’s not really an answer to my question. Perhaps if you say who you are ay masasagot ko ang invitation mo,” mataray na sagot niya dahil talagang inaantok siya.

“Oh, yes, sorry. It’s me, Sam. Samuel.”

Napabangon kaagad siya sa higaan nang marinig ang pangalan na iyon. Animo nilipad ng hangin ang antok niya “As in Sam who carried me to the clinic?” she asked tentatively.

She heard his suave laugh. “Yeah, that would be me,” sagot nito mula sa kabilang linya.

“Oh, I... I see.” Napatda siya at hindi maapuhap ang isasagot dito. “Uhm... paano mo pala nalaman ang number ko?”

“Let’s just say I have my sources. So, can you now answer my question about having lunch with me tomorrow?” paalala nito.

“Yes, sure,” sagot niya. Naturally, kinikilig na siya

ngayon pa lang. She couldn't wait to tell Julia!

“Okay then. Thanks!”

“No problem. Anything else?” Hesitant pa siyang tapusin ang kanilang conversation.

“Yes, actually. I'd like to say you are very beautiful, and I like you. Very much,” direktang tugon ni Samuel.

Kung sinadya nitong sabihin iyon para gulatin siya ay talagang successful ito. She was shocked! Dahil shocked siya ay kaagad niyang pinindot ang end call button upang tapusin ang tawag, only to realize later on how stupid she was for doing that.

Hindi nakatulog nang maayos si Sanya nang gabing iyon. Halos umaga na nang matapos silang magkuwentuhan ni Julia sa landline. Hindi ito shocked, to her disappointment. Inaasahan na raw kasi iyon ng kanyang kaibigan.

PAGKATAPOS NG KLASE ay naglakad sila ni Julia papunta sa gate ng *Philippine College of South-Eastern Visayas*. Nang malapit na sila roon ay narinig ni Sanya na may tumatawag sa pangalan niya, kaya pareho silang lumingon ng kaibigan... only to see the hottest

man in school na tumatakbo para mahabol sila. Habang papalapit si Sam ay hindi niya maiwasang titigan ang mukha nito.

He had potent brown eyes, lush brows, strong nose and jaws, and yummy lips. He was 5”10” with medium built and muscles everywhere at umaapaw na sex appeal. He smiled at her, showing the irresistible dimples at ang mapuputi at pantay-pantay nitong ngipin.

“Hey, I thought you were leaving. Can I come with you and grab some lunch?” tanong ng lalaki, wearing his lopsided grin.

“Sorry, Sam. As much as I would like to come, eh, hindi puwede. I’m not allowed to say ‘yes’ the whole day,” pagtangga ni Julia sa invitation nito.

“Okay then, so that means your friend is pretty much stuck with me for lunch,” nakangiting sabi nito kay Julia.

“Yep. I think so too. But don’t worry, my friend doesn’t mind getting stuck with you. Enjoy your lunch!” Tumalikod na ang babae at humakbang palabas ng gate kung saan nag-aabang ang sundo nito.

Napanganga si Sanya sa ginawi ng kaibigan. Aba’t

iniwan siya ng lukaret! Ngayon nga ay namumula siya dahil sa hiya.

Ngumiti siya kay Sam at akmang ibubuka ang bibig upang magsalita, ngunit itinaas nito ang kamay at pinigil siya. Kinuha nito mula sa kamay niya ang mga bitbit niyang books and folders.

“Thank you,” nahihiyang sabi niya. “Uhm... saan ba tayo pupunta?”

“Surprise,” nakangiting tugon ng binata.

Hinawakan siya nito sa siko at iginiya palabas sa gate ng eskuwelahan at papunta sa kotse nito. Ipinagbukas siya nito ng pinto bago lumigid sa kabila at naupo sa harapan ng manibela saka pinaandar ang sasakyan. He turned the stereo on and the music was bossa nova, her favorite.

Hindi alam ng dalaga kung saan sila papunta. Papasok sila sa isang subdivision at huminto sa garahe ng isang mansion. Nagtatanong ang mga mata na tiningnan niya ito, subalit hindi ito nagsalita. Sa halip ay iginiya siya nito papasok sa malaking bahay. Nang nasa loob na sila ay namangha kaagad siya sa interior ng bahay. It was modern-inspired with a mix of classic.

From the steel baluster of the center stairs, to

the soft and plush carpet, the huge crystal chandelier at the ceiling, the beautiful sala set, and the LED TV screen and the mega speakers on the wall plus some very sophisticated component set—the house looked regal and comfy. There were expensive vases of different sizes and colors which contained the calla lilies and the daisies. May mga paintings din at portraits na nakasabit sa dingding. May clash of touches sa bahay na ito, walang main theme but different themes incorporated into one making it look very homey.

“This is my house. My mom is in the kitchen and she’s dying to see you,” he said. Hinawakan siya nito sa balikat na nakapagpakislot sa kanya. Nanlambot ang mga tuhod niya sa simpleng paghawak pa lang nito.

2

“Why?” tanong niya sa lalaki.

“I told you last night that I like you, right?” he said, his lips wide with a grin that says it all. “Kung sana ay hindi mo pinatay ’yung phone mo ay narinig mong sinabi ko sa iyo na dito tayo sa bahay kakain at ipakikilala kita sa pamilya ko,” dugtong nito at balewalang hinila siya patungo sa kusina. How charming this man was, kahit pa nga gustung-gusto niya itong sapakin.

“That’s unfair! You could’ve at least texted me,” maktol niya.

“Ditching someone on the phone is rude and unfair, so quits lang tayo, Annie,” pilyong saad nito.

Lumabas ang ina ni Sam mula sa kusina at malugod na binati si Sanya. Iginiya siya ni Mrs. Minerva Pantaleon sa dining table at pinaupo siya katabi ng anak nito. Hinintay muna nila ang ibang miyembro ng pamilya bago nila umpisahang mananghalian.

Habang kumakain ay panay ang tanong ng mama ni Sam sa kanya tungkol sa kanyang sarili at

sa pamilya niya. Maging si Mr. Edmundo Pantaleon ay mukhang genuinely interested din na malaman ang tungkol sa dalaga at sa kanyang pamilya. Si Arvil na nakababatang kapatid ni Sam ay panay pa ang tanong sa kanya at panay rin ang biro.

Masuwerte si Sam sa kapatid nito. Arvil had a happy disposition, very unlike her sister. Palabiro ito at very charming, hindi siya nakakaramdam ng indifference kahit pa nga bago lamang nila nakilala ang isa't isa. Sam's parents were also nice. They were very attentive to her answers at hindi mukhang napipilitan lang na i-entertain siya. Nakikita rin niya kung saan nakuha ni Samuel ang good looks nito. Napakaganda ng ina nito at napakakisig naman ng ama nito.

Nang matapos ang pananghalian ay nagpaalam na siya sa mga magulang ni Sam at sa kapatid nito. Inanyayahan siya ni Mrs. Pantaleon na muling makisalo sa mga ito sa pagkain sa ibang araw. Tumango siya bilang pagsang-ayon at nagpasalamat sa masarap na pananghalian.

Sa loob ng kotse ni Sam ay kinastigo niya ito sa ginawa.

“Pambihira ka! Binigla mo ako sa pagdadala sa bahay n’yo. Pakiramdam ko nasa interrogation room

ako habang kinakausap ako ng pamilya mo.”

Tumawa lang ang binata bilang sagot. Inabot nito ang kanyang kamay at dinala sa bibig nito saka hinalikan. For a moment there ay naramdaman ni Sanya ang isang di-maipaliwanag na damdamin. May kung anong pakiramdam ang nanalaytay sa kanyang kamay patungo sa mga kalamnan niya hanggang umabot sa kanyang puso. Bumilis ang tibok ng puso niya at tila huminto sa pag-inog ang mundo.

Naging mailap ang kanyang mga mata, subalit hinuli ni Sam ang kanyang baba at iginiya siyang tumingin dito. When their eyes met, unti-unti nitong tinawid ang gahiblang distansya nila at inilapat ang mga labi nito sa kanyang bibig. He was kissing her, softly, tentatively and sweetly.

Her mind stopped working properly, basta naramdaman niyang gusto niya ang ginagawa ng lalaki at sinikap niya na tumugon sa halik nito. Naramdaman nito ang kanyang pagpapaubaya, so he deepened the kiss and caught her neck to fully access her lips. He explored the depths of her mouth, savoring every new sensation and pleasure he found inside it.

*Gosh, I don't know this man but I'm kissing him!
This is not right... yet, it feels right! The world can end*

tomorrow and I wouldn't care, just let him kiss me like this!" hibang na sigaw ng isip ni Sanya na tuluyan nang nadarang sa halik.

The kiss slowed, and then stopped. She opened her eyes, and he kissed her again. This time, small, quick, but hard kisses. Natauhan siya at dagling kumalas mula sa pagkakayakap nito sa kanya. Inayos niya ang sarili at tumingin sa labas ng bintana. Hindi niya nilingon ang lalaki, narinig lamang niya na umandar ang makina ng sasakyan at saka siya nakahinga nang maluwag.

Hindi niya alam kung paano siya makikibagay rito matapos ang nangyari. It was just a kiss, ngunit ang mga damdaming binuhay ng halik na iyon ay hindi maaaring i-qualify as 'just' because those feeling were more than that and definitely more than anything else she had ever felt before.

She was a love junkie, wika nga. A hopeless romantic na naniniwala sa true love. She had been Julia's best friend for the last four years pero hindi siya naapektuhan ng sayad nito. Bilang love junkie, ipinangako niya sa sarili na ang unang lalaking hahalik sa kanya ang siyang magiging asawa niya. Ngunit ngayon ay hindi na siya sigurado kung ang pangakong iyon ay matutupad. They were not even a

couple yet. Pero heto siya at nahalikan na ng lalaking nagmamaneho ng isang shiny black sports car.

“Where to?” tanong ng binata na hanggang tainga ang ngiti. Naiinis man siya ay hindi niya makuhang magalit sa kapangahasan nito.

“Drive me home, please,” tanging sagot niya.

Wala pang isang oras ay nakarating na sila sa bahay niya.

“Thanks.” Inabot ni Sanya ang pinto ng sasakyan upang buksan iyon nang biglang hawakan ni Sam ang braso niya. Napatingin siya sa binata at naghintay ng sasabihin nito. Walang salita ang nagmula sa mga labi nito, basta inabot lang nito ang kanyang pisngi at masuyong hinaplos iyon. Ngumiti ito.

“Can I ask you again for dinner tomorrow night, Annie?”

“S-sige.” Hindi na siya makatanggi rito. Para ano pa ba? Isa pa, wala namang masama kung lumabas kasama ang isang lalaki. Wala siyang nobyo at malaya siyang makipag-date.

“Thanks! Wear something nice, Annie. We’ll have dinner somewhere, you don’t have to put up with new acquaintances,” dagdag pa nito nang akmang

lalabas na siya ng kotse.

Ngumiti lamang siya bilang tugon, ngunit sa loob-loob niya, iniisip na niya kung ano ang isusuot niya bukas. Lumabas ng kotse si Sam para ipagbukas siya ng pinto.

Ilang sandali pa'y nasa loob na siya ng silid at pakanta-kanta pa. Pakiramdam niya ay high school student siya na kinikilig sa kanyang first crush. Matapos maligo at makapagbihis ay telepono kaagad ang inatupag niya at sinabi lahat kay Julia ang nangyari sa bahay ng mga Pantaleon. Maging ang halik na pinagsaluhan nila ni Sam ay hindi niya itinago rito. Panay naman ang tili ng kaibigan sa kabilang linya. Sinabi rin niya rito ang napipintong dinner date nila ng binata. Inaya siya ng kaibigan na mag-shopping para sa damit na isusuot niya.

Malawak pa rin ang kanyang ngiti nang matapos ang pag-uusap nila.

Gabi ng dinner date ni Sanya kay Sam at alumpihit siya habang nakatayo sa harap ng salamin sa loob ng kanyang silid. Malapit nang mag-alas siete, ang oras na susunduin siya ni Sam sa bahay nila. Ipinagpaalam na siya nito sa kanyang mga magulang

kaninang tanghali—nang ihatid siya ng binata mula sa eskuwelahan—na iimbitahan siya nitong mag-dinner sila sa labas ngayong gabi, na sinang-ayunan naman ng mag-asawa.

The evening felt like a fairy tale. *Oh my! This is my first dinner date ever! I should've dated before!* Ngayon tuloy ay tatanga-tanga ako, pangaral niya sa sarili. She obviously didn't know what to do. Habang paikut-ikot siya sa kuwarto ay muli niyang binistahan ang kanyang repleksyon sa salamin.

Nakasuot siya ng blue mini dress na A-cut with layers of petticoat on the skirt. Sa itaas na bahagi naman ay hapit na hapit ito sa kanyang mahubog na katawan. She looked like some prom queen with a sassy twist. Lalo pa at pinatingkad ng royal blue color ang kanyang maputing balat at na-emphasize ng above the knee skirt ang mahahaba niyang binti.

Mayamaya ay nakarinig siya ng mga katok sa pinto. Pumasok ang kanyang ina sa silid. Ipinagbigay-alam nito na dumating na ang sundo niya. Ngumiti ito pagkakita sa kanyang hitsura at sinabing napakaganda niya.

“Thank you, Mommy,” mahinang sabi niya. “Kahit sinong nanay naman, eh, nagagandahan sa mga anak nila.”

“Yes, I know. Trust me, Sanya, you look amazing tonight. I’m sure everybody will agree with me. Watch...” turan nito na sinabayan siyang bumabang ng hagdanan.

Her mom was right. Seeing the faces of the people staring at her, especially that one person she cared the most to impress ay nakatunganga habang pababa siya ng hagdanan.

Kaagad na napatayo si Sam sa pagkakaupo sa malambot na sofa nang matanaw ang dalaga na pababa na ng hagdanan. Kulang na lang ay mabitawan niya ang bitbit na bouquet sa hitsura nito. The blue dress complemented her beauty so well. Her long hair was put on the side at bahagyang kinulot sa dulo. She wore only light makeup. Para sa kanya, mas maganda si Sanya kaysa kay Aphrodite na ipinagmamalaki ng mga diyos sa *Mount Olympus*.

Her skin looked soft and supple; her shoulders were delectable. Napadako ang mga mata niya sa mga binti ng dalaga at mas lalo pa siyang nahirapan sa paghinga. Those legs were to-die-for—long and slim and perfect in a pair of three-inches nude peep toes. Napalunok siya sa tinatakbo ng isipan.

“So my beautiful ladies are here,” sabi ni Mr. Cuevo sa dalawang babaeng pababa ng hagdanan.

“Tigilan mo nga ako, Isidro,” sagot ni Mrs. Cuevo sa papuri ng asawa.

“It’s true, Darling. Both of you are beautiful, don’t you agree, Hijo?” baling sa kanya ng matandang lalaki.

“I agree, Sir,” sang-ayon niya sa ama ni Sanya. He could not take his eyes off her.

“Very well then, take care of my Sanya. Enjoy the evening, Anak.”

“Thanks, Dad.”

“Aalis na po kami, Sir, Ma’am. Don’t worry, I’ll bring her home safe,” pagbibigay-assurance niya sa mga magulang ng ka-date.

“And whole, Hijo, okay?” hirit pa ni Mrs. Cuevo na ikinatawa nilang tatlo maliban kay Sanya na bahagyang nailang.

“I assure you, Ma’am, I will,” nakangiti niyang sagot sa ginang.

“O sige, siya, umalis na kayo at nang maaga kayong makabalik. You take care, okay?” pagtataboy nito sa kanila.

Matapos magpaalam sa mag-asawa ay iginiya

niya si Sanya palabas ng bahay. He handed her the bouquet of flowers.

“For my beautiful date,” nakangiting sabi niya.

Tinanggap nito iyon. “Thanks,” nahihiyang tugon nito.

Ilang sandali pa’y dumating na sila sa *Duchess Hotel*, ang pinakapamosong hotel and restaurant sa bayan. Iniwan muna ng dalaga ang bouquet sa sasakyan at sabay na silang pumasok ni Sam sa loob ng gusali.

Kaagad na lumapit ang isang unipormadong butler at iginiya sila sa isang reserved table. May bottle of champagne, covered platter, and long-stemmed roses sa mesa. Naupo sila at saka napansin ni Sanya ang mga violinists na nagsimulang tumugtog ng isang malamyos na tugtugin.

Dahil handa na ang lahat nang dumating sila, nagsimula na silang kumain. Sam prepared everything to make the night perfect. The food was delicious, ngunit hindi siya masyadong makakain dahil mas kinukuha ng binata ang kanyang atensyon. Naglagay ng champagne ang butler sa kanilang wine glasses. Uminom siya nang bahagya upang maalis kahit papaaano ang tensyon na nararamdaman niya.

Ilang saglit pa'y naging magana na siya sa pagkain, ganoon din si Sam. Habang kumakain ay napag-usapan nila ang maraming bagay tungkol sa kanilang mga sarili. Alam na niya ngayon na twenty-three years old na ang kausap at late ito ng two years sa pag-graduate dahil noong first year college ito ay naging exchange student ito sa Europe nang dalawang taon.

Ikinuwento nito sa kanya ang buhay nito sa Europe. How the British people differ from the Filipinos or even from the Americans. Nagbiro pa nga ito sa kanya nang magsalita ito in English with the British accent. Kalog din pala ito.

Nai-serve na ang dessert. Kampante na silang nag-uusap, hindi tulad kanina na pareho silang tensed.

“I’m sorry I kissed you yesterday,” walang anu-ano ay pahayag nito na ikinagulat niya.

May kirot siyang naramdaman. “Excuse me?” patdang tanong niya.

“I said I’m sorry I kissed you yesterday...”

Hindi pa natatapos ang sasabihin nito nang tumayo siya at balak na sanang iwan ito. How dare this man kiss her like that and say sorry afterwards?

Ngunit bago pa siya tuluyang makatayo ay nahawakan na nito ang kamay niya at pinilit siyang muling maupo. Nagpaubaya siya, ngunit iniwas niya ang mga mata rito.

What an asshole!

“Wait. I didn’t mean it that way. What I really mean is, I’m sorry for kissing you without asking.” Saka parang batang napakamot ito sa batok. “I know you’ve been pretty confused why I did that, at alam ko rin na maaari kitang ma-offend because we are not a couple yet pero hinalikan na kita. Worse, I don’t want you to think that I was taking advantage of you in the car,” litanya ni Sam na nakahawak pa rin sa kamay niya.

“In short...?” nakataas ang kilay na paglilinaw niya sa sinasabi nito. He was killing her with apprehension.

“In short, I wanted to ask you if it would be okay to you that we become an official couple. I like kissing you, Sanya...” Napaubo siya sa tinuran nito. “And for me to have a right to do that is to have you. And because I like to think that you like me too...” Ikinataas ng kilay niya ang sinabi nitong iyon. “... ay tatanggapin mo ako as your boyfriend to stop my agony,” pagtatapos nito. His eyes were extremely

irresistible.

“I... I don’t know what to say,” she honestly replied.

“Just say yes, Annie.” Muli ay nagsusumamo ang mga mata ng binata, pero may naglalarong ngiti sa gilid ng mga labi nito.

“As you wish. Yes,” nakangiti niyang sagot. Noong isang araw lang ay hindi niya personal na kilala ang lalaki at ngayon ay nobyo na niya ito.

“Whew!” relieved na sigaw nito na ikinatingin ng mga tao sa restaurant. Hindi nito pinansin ang mga iyon at sa halip ay hinawakan ang kanyang mga kamay at dinampian ng halik ang bawat isa.

Nakisali sila sa mga parehang nagsasayaw. The music filled the air and they danced as if nobody else existed around them. Napansin niyang magaling sumayaw si Sam. Nang tuksuhin niya ito tungkol doon ay halik sa labi ang kanyang natanggap.

Sanya felt completely happy. At nakakatakot ang kaligayahang nararamdaman niya. It felt blissful inside the arms of the man she learned to love in just a span of not more than three days. Sa saliw ng tugtugin ay hinayaan niya ang sariling mahibang sa kaligayahang dulot ng pag-iisa ng kanilang mga

damdamin.

They were a couple now. May nobyo na siya, at kasintahan na siya ni Sam. *Ah, I am lucky.* For that moment ay walang ibang mahalaga sa kanya kundi ang lalaking ngayon ay idinuduyan siya sa musika. Wala nang mahalaga sa kanya kundi silang dalawa.

Nang matapos ang musika ay nanatili silang nakatayo. Nagtatanong ang mga mata na tumingin siya sa kanyang nobyo.

“Not yet,” sagot nito. May kinuha ito sa bulsa ng polo na nang matamaan ng ilaw ay kumislap. Nanlaki ang mga mata ng dalaga nang ikabit nito sa leeg niya ang isang gold necklace na may sapphire pendant. Maliit lang ang bato, ngunit sapat na ang laki niyon upang makita ang bughaw na kulay.

“Sam, I can’t accept it,” iling niya at sinubukang tanggalin ang kuwintas sa kanyang leeg.

“No, keep it. It’s perfect, Annie. Blue is your color,” giit nito saka hinalikan siya sa pisngi. Hindi niya ipinilit pang isauli ang kuwintas, sa halip ay maluha-luhang hinawakan niya iyon.

“Sam, I am overwhelmed. This is too much!”

Oo nga at mayaman ang binata at alam niyang

kayang-kaya nitong bilhin ang ganoong klase ng alahas, ngunit ang isiping napaka-thoughtful nito at naisipan ang lahat ng iyon ay nalulunod siya sa kaligayahan.

“You can say thank you, Annie,” biro nito.

“Nakuha mo pa talagang magbiro. Thank you, Sam. Really.” Muli niyang hinawakan ang sapphire pendant na nakalawit sa kuwintas at niyakap ito bilang pasasalamat.

Pagkatapos ng fairy tale date na iyon ay inihatid na siya ni Sam pauwi sa kanila. Kaagad na umakyat siya sa kanyang silid matapos mag-good night sa mga magulang. Hindi niya nakita si Kia at hindi na siya nag-abalang magtanong tungkol dito. Ayaw niyang masira ang gabi niya.

Nang makapag-shower ay tinawagan niya si Julia. Madali lamang silang nag-usap dahil gabi na. Napagkasunduan nilang ituloy ang kanilang kuwentuhan kapag nakita sila.

Nakangiti pa rin siya hanggang sa makatulog.

3

Sa campus ay kumalat na ang balitang sila na nga ni Sam. Marami ang natutuwa at marami rin ang naiinggit. Siyempre ay si Kia ang isa sa mga iyon. Hindi na lang niya pinapansin ang kapatid sa mga patutsada nito dahil alam niyang nagseselos ito. Maging sa bahay ay umiiwas na siya sa tuwing susubukan nitong makipag-away sa kanya. Nakapangako siya sa mga magulang niya at ayaw niyang ma-disappoint ang mga ito sa kanya.

Parati siyang hatid-sundo ng nobyo niya sa school at maging sa ospital kung may duty siya. Lalo tuloy siyang nagpursigi na i-please si Sam dahil nararamdaman niya kung gaano ito nag-e-effort para i-please siya.

Sa kanilang relasyon ay hindi maiwasan ni Sanya ang madarang paminsan-minsan sa kanyang mga emosyon. Pero hindi sila dumating sa puntong isusuko na niya ang lahat sa kanyang nobyo. Masyado pang bata ang kanilang relasyon para ipagkatiwala ang kanyang sarili rito. Malaki man ang tiwala niya sa binata at ang pagmamahal niya rito ay sinusubukan pa rin niyang umiwas sa ganoong punto. Naiintindihan

daw siya ni Sam.

Talagang masuwerte siya sa katipan.

Ibinalita nila sa kanilang mga magulang na sila ay magkasintahan na. Natuwa naman ang mga ito para sa kanila.

Iisa lamang sa malalapit sa kanya ang tutol na tutol sa relasyon niya kay Sam at iyon ay si Kia. Walang magagawa ang huli kahit tutol ito, dahil siya ang gusto ng binata. Sanya hoped her little sister would get over it and finally move on.

Ngayon ay masaya siya at ayaw niyang problemahin si Kia.

Halos ilang buwan na silang magnobyong ni Sam, ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin maka-get over ang kapatid niya. May sayad talaga si Kia. Actually, okay naman ang pakitungo nito kay Sam kapag nabibisita ang lalaki sa bahay, ngunit sa kanya ay malamig pa sa freezer ang trato nito.

Sinubukan niyang kausapin ang kapatid dahil naapektuhan ang grades nito sa nangyayari, ngunit hindi raw nito gustong kausapin siya. Hindi na rin siya nagtangka na kausapin pa itong muli at hinayaan na lang itong magpalipas ng sama ng loob.

Pasasaan ba't lalamig din ang ulo ng kapatid niya at kakausapin na siya nang matino.

Graduation day...

Natapos na ang seremonya ng pagtatapos. Sabay-sabay na itinapon ng mga graduates ang kanilang mga caps at masayang nagsigawan.

“Happy Graduation!”

Sa wakas ay tapos na sa kolehiyo si Sanya. Napag-usapan nila ni Julia na magre-review kaagad para sa licensure exams. Ngunit bago iyon ay balak muna nilang mag-celebrate. Graduate na rin si Samuel, kaya mukhang mapaparami ang kainang pupuntahan niya.

As usual ay may regalo si Sam para sa kanya, mayroon din para kay Julia na ikinatuwa nito. Maging ang kaibigan niya ay may regalo sa kanilang dalawa. Pati siya ay mayroon ding mga regalo para sa best friend at sa nobyo niya.

Nang isa-isa nilang buksan ang mga regalo ay nadiskubre niyang isang round trip plane ticket to Macau ang laman ng box na bigay ng kanyang nobyo. Nagulat siya, ngunit dala niyon ay ang pagkatuwa

dahil noon pa niya gustong pumunta ng Macau. Sa katunayan ay balak nila ni Julia na mag-ipon para makapunta roon, ngunit dahil kay Sam ay hindi na nila kailangang gawin pa iyon. Nagpasalamat siya sa nobyo at walang kiyemeng hinagkan ito.

Isang silver bracelet naman ang bigay ni Julia na may nakasulat na pangalan nilang dalawa. May twin bracelet iyon na suot naman ng kaibigan niya. Na-touch siya sa ibinigay nito at niyakap ito bilang pasasalamat. Iniabot niya rito ang kanyang regalo.

Nang si Julia naman ang magbukas ng regalo, nalaman nitong round trip plane ticket din ang nakuha nito mula kay Sam at napatili silang dalawa at sabay na niyakap ang lalaki. Nang buksan ng kaibigan ang kanyang regalo ay napaluha ito nang makita ang isang ancient Greek coin na laman ng kahon. Addict kasi ito sa coins, kaya naisip niyang iyon ang ibigay rito kahit pa may kamahalan iyon.

“Wow! Ang ganda naman nito!” saad nito. “Thank you, Best Friend.” Niyakap pa siya nito at hinalikan sa pisngi.

Si Sam naman ngayon ang magbubukas ng mga regalo nito. Una nitong binuksan ang regalo ni Kia. Isa iyong platinum ring na simple ang pagkakayari. Nagulat silang lahat ngunit walang

umimik. Nagpasalamat lang si Samuel sa kapatid niya. Tumingin si Kia sa kanya na may bahagyang ngisi, animo'y nakaisa ito.

Bigla siyang kinabahan sa magiging reaksyon ng katipan sa ibibigay niya rito. Hindi naman siguro ito materialistic na tao.

Sunod na binuksan nito ang regalo ni Julia. Isa iyong set ng bossa nova CDs. Natawa silang lahat. Ngayon ay alam na ni Sanya kung paano nalaman ni Sam na paborito niya ang bossa nova music.

“Sammy, you will be needing those. Trust me,” confident na sabi ng kanyang kaibigan sa binata. Niyakap ito ng huli at nagpasalamat.

The last gift he would open ay ang galing sa kanya. Pinagpapawisan ang mga kamay niya habang pinupunit nito ang karton na naglalaman ng regalo niya para rito. Nang sa wakas ay nabuksan nito iyon ay nanlaki ang mga mata nito nang makita ang round trip plane ticket to Macau. Nagtatanong ang mga mata na tumingin ang binata sa kanya.

“Your mother told me. So I thought na mas masaya kung tatlo tayong pupunta sa Macau. Besides, mahirap nang maubusan kami ng funds ni Julia sa shopping centers doon.” Tumawa siya nang pilya.

A Twisted Fairy Tale - Luna Amparo

Sam seemed genuinely surprised sa ibinigay niya rito. Lumapit ito sa kanya at hinalikan siya sa labi.

“Thank you, Annie,” masuyong bigkas nito.

Masayang nagsiuwian sila upang i-celebrate ang kanilang pagtatapos kasama ang kani-kanilang pamilya.